



Creating
an inclusive
community
together

Pahayag ng Pagpapatupad

Ika-3 ng Disyembre 2021 – ika-30 ng Hunyo 2023

Buod

*Istratehiya sa May-Kapansanan
ng Australya 2021-2031*

Paunawa ng kopirayt



Itong dokumento na, **Pahayag ng Pagpapatupad 2021-2031 noong ika-3 ng Disyembre – ika-30 ng Hunyo 2023: Buod ng Istratehiya sa May-Kapansan ng Australya**, ay lisensyado sa ilalim ng [Creative Commons Attribution 4.0 International Licence](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode), na may pagbubukod ng:

- 2021-2031 na Istratehiya sa May-Kapansanan ng Australya (Australia's Disability Strategy 2021-2031) na logo at pagtatatak
- Anumang materyal ng ikatlong partido
- Ang lahat ng mga imahe at /o mga litrato
- Australian Commonwealth Coat of Arms: Ang mga termino sa ilalim ng Coat of Arms na maaaring gamitin ay nakadetalye sa website ng Kagawaran ng Pangunahing Ministro at Gabinete (Department of Prime Minister and Cabinet) na: <https://www.pmc.gov.au/honours-and-symbols/commonwealth-coat-arms>

Ang karagdagang impormasyon nitong CC By license ay nakatakda sa website ng Creative Commons: <https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/legalcode>

Paunawa:

1. Kung lumikha ka ng deribatibo nitong dokumento, hinihiling ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services) na ilagay ang sumusunod na paunawa sa iyong deribatibo: Batay sa mga datos ng Komonwelt ng Australya ng ([Department of Social Services](https://www.dss.gov.au)).
2. Welcome ang mga pagtatanong tungkol dito sa lisensya o anumang ibang paggamit nitong dokumento. Mangyaring tawagan ang:
Branch Manager, Communication Services Branch, Department of Social Services
Telepono: 1300 653 227
Email: communications@dss.gov.au

Kakayahang maa-access:

Kung ikaw ay bingi o may kahinaan sa pandinig o kapansanan sa pagsasalita, maaari mong gamitin ang National Relay Service para matawagan ang anumang mga nakalistang telepono ng Department of Social Services.

Sa mga gumagamit ng TTY — tawagan ang 133 677 at hilingin ang numero ng teleponong gusto mong tawagan.

Sa mga gumagamit ng Speak and Listen — tawagan ang 1300 555 727 at hilingin ang numero ng teleponong gusto mong tawagan.

Sa mga gumagamit ng internet relay — bisitahin ang National Relay Service sa <http://relayservice.gov.au>

Makukuha sa online itong Pahayag ng Pagpapatupad, sa iba-ibang mga pormat na maa-access. Para sa karagdagang impormasyon, magtungo sa <https://www.disabilitygateway.gov.au/ads>

Mga taong Aborihinal at Torres Strait Island ay pinapayuhan na itong lathalang ito ay maaaring may mga imahe o pangalan ng mga yumaong tao.

Pagpapatungkol:

Ang paggamit ng buo o bahagi nitong dokumento ay dapat may kasamang sumusunod na pagpapatungkol: © Commonwealth of Australia ([Department of Social Services](https://www.dss.gov.au)) 2023.

Ang mga ugnay sa web, numero ng telepono, at mga titulo ay wasto noong tiyempo ng paglalathala. Maaaring nagbago sila pagkatapos ng publikasyon.

Mga Nilalaman

Buod ng Pangangasiwa.....	3
Mga Pamahalaang Estado at Teritoryo.....	4
Patnubay sa Istratehiya ng May-Kapansanan sa Australya	4
Mga Lugar ng Resulta ng ADS	5
Lugar ng Resulta: Kasiguraduhan sa Trabaho at Pananalapi	5
Lugar ng Resulta: Inklusibong mga Bahay at Komunidad.....	6
Lugar ng Resulta: Kaligtasan, Mga Karapatan at Hustisya.....	7
Lugar ng Resulta: Pampersonal at Pangkomunidad na Suporta.....	8
Lugar ng Resulta: Edukasyon at Pagkakatuto	8
Lugar ng Resulta: Kalusugan at Kagalingan	9
Lugar ng Resulta: Mga Inuugali ng Komunidad.....	10
Pagpapatupad ng Istratehiya ng May-Kapansanan sa Australya.....	10
Mga Ginaganap na papel at Tungkulin.....	11
Mga Gumagabay na Prinsipyo.....	11
Pakikipagtulungan sa Mga Taong May-Kapansanan	12
Itinakdang Mga Plano ng Aksyon	13
Mga Kaugnay na Plano.....	13
Balangkas ng Mga Resulta.....	14
Pagpapahusay ng Mga Datos	14
Pagtatatag ng May Basehang Ebidensya at Mga Pagtatasa	15
Pamamahala	16
Ang ADS sa Online.....	16

Buod ng Pangangasiwa

Itoong dokumento ay isang buod ng *Pahayag ng Pagpapatupad ng ika-3 ng Disyembre 2021 – ika-30 ng Hunyo 2023 ng Istratehiya sa May-Kapansanan ng Australya 2021-2031 (Australia's Disability Strategy 2021-2031 Implementation Report 3 December 2021 – 30 June 2023)*. Makukuha ang buong Pahayag ng Pagpapatupad sa [Pusod ng ADS sa Lagusang May-Kapansanan \(ADS Hub on Disability Gateway\)](#).

Ito ang unang Pahayag ng Pagpapatupad (Implementation Report) na inihatid sa ilalim ng *Istratehiya sa May-Kapansanan ng Australya 2021-2031 (ADS) [Australia's Disability Strategy 2021-2031 (ADS)]*. Ito ay nagbibigay ng pambansang pangkalahatang ideya ng gawain sa lahat ng mga lebel ng pamahalaan sa paghahatid ng pinahusay na mga resulta para sa mga taong may-kapansanan.

Nagtatakda ang ADS ng mga prayoridad para sa lahat ng mga lebel ng mga pamahalaan na maisulong ang pagbabago upang patibayin ang mga karapatan, paglalakip at pakikilahok ng mga taong may-kapansanan sa lahat ng mga aspeto ng buhay Australyano. Noong panahon ng unang pagpapahayag na ito, nakagawa kami ng progreso sa kabuuang Mga Lugar ng Resulta ng ADS (ADS Outcome Areas) at pagpapatupad ng mga pangako. Nakapangako kami na maging malinaw at may pananagutan sa aming isinusulong na maaksyunan at doon sa mga lugar na kailangan pang gawin ang karagdagang trabaho.

Dito sa unang panahon ng pagpapahayag, itinakda namin ang mga istruktura na susuporta sa pananagutan at pagiging malinaw ng ADS, katulad ng pagtatatag ng Konseho ng Pagpapayo ng ADS (ADS Advisory Council), at pag-uulat sa publiko batay sa Balangkas ng Mga Resulta at Itinakdang Mga Plano ng Aksyon sa ADS. (ADS Outcomes Framework and Targeted Action Plans). Ito ay karagdagan sa mahalagang trabahong isinasagawa sang-ayon sa mga hurisdiksyon sa pamamagitan ng kanilang sariling mga plano sa may-kapansanan at mga mekanismo sa pagpapahayag. Ang kanilang pag-uulat ay idadagdag sa pangkalahatang pagpapahayag na ikukumpara sa ADS.

Kinikilala at malugod na tinatanggap ang pagiging prangka at maalab ng mga taong may-kapansanan at nang sektor ng may-kapansanan sa kanilang aktibong pakikipag-ugnayan sa pagpapatupad ng ADS. Itinatakda sa Plano ng Pakikipag-ugnayan ng ADS (ADS Engagement Plan) ang mga mahalagang aktibidad upang makamit itong pangako, hindi lang ang intensyon sa patuloy na pakikipag-ugnayan sa mga taong may-kapansanan. Ikinatutuwa namin na naabot ang aming mga pangako para sa pagpapaganap ng taunang mga pampublikong porum sa pamamagitan ng paghahatid ng unang Pambansang Porum ng ADS (ADS National Forum) noong Nobyembre 2022 at ang unang Porum ng Estado ng ADS (ADS State Forum) sa Queensland noong Hunyo 2023. Ang mga ito ay nagbigay ng mahalagang mga kabatiran sa mga lugar na dapat naming paghusayin.

Ang Maharlikang Komisyonado sa Karahasan, Pang-aabuso, Pagpapabaya at Pananamantala sa Mga Taong May-Kapansanan (Royal Commission into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation of People with Disability) (Disability Royal Commission) ay itinatag noong Abril 2019, na siyang naghubog sa pagkakabuo ng ADS. Ang mga rekomendasyon sa Pinal na Pag-uulat (Final Report) nito, na ibinigay sa Gobernador Heneral noong Setyembre 2023 ay nagbigay ng isang mahalagang senyal para sa daang pasulong sa pagpapahusay ng mga buhay ng mga taong may-kapansanan sa Australya. Nakapangako kami na repasuhin ang ADS ayon sa Final Report at ang trabahong ito ay nagsisimula na sa ngayon.

Mauunawaang ang komunidad ng may-kapansanan ay may mataas na mga inaasam sa magagawang progreso sa pagpapatupad ng ADS. Mayroon na kaming nagawang magandang progreso sa panahon nitong unang pagpapahayag, na may ilang mga mahalagang pangako ang naipatupad. Makikita sa susunod na panahon ng pagpapahayag ang mas mataas pang pagpokus sa pakikipag-ugnayan sa mga taong may-kapansanan upang mapahusay at maihatid ang mga mapanghahawakang aksyon sa kabuuang mga lebel ng pamahalaan na magpapasulong sa mga kalalabasan para sa lahat ng mga taong may-kapansanan. Makakabilang dito ang bagong Itinakdang Mga Plano ng Aksyon; patuloy na pakikipagkonsultasyon at pakikipag-ugnayan sa mga taong may-kapansanan; at pagpapahusay ng ebidensya at mga datos upang pahusayin ang pagiging malinaw at pagsuporta para sa mas mahusay na pagsasagawa ng desisyon.

Mga Pamahalaang Estado at Teritoryo

Nauunawaan ng ADS na ang lahat ng mga lebel ng pamahalaan ay may pananagutan sa pagsuporta sa mga taong may-kapansanan upang maabot nila ang kanilang lubos na potensyal, bilang maging kapantay na mga miyembro ng komunidad. May malaking ginagampanan ang mga pamahalaan ng Estado at Teritoryo sa pagpapatupad ng ADS. May sariling mga planong pangmay-kapansanan ang mga pamahalaang Estado at Teritoryo o kaya ay nagbubuo ng mga plano. Ang mga aksyon ay nasa lokal na lugar at ang pakay na mga gagawin ay kahanay ng mga aktibidad sa ilalim ng ADS. Itong mga plano ang mga primeryang mekanismo na ginagamit upang isulong ang paghahatid ng mga pangako sa ilalim ng ADS.

Maglalarawan ang Pahayag ng Pagpapatupad ng mahalagang gawain na isinasagawa sa kabuuang Australya upang mapahusay ang mga resulta para sa mga taong may-kapansanan. Ang mga aktibidad at inisyatiba ay mga halimbawa ng ilang mahalagang trabaho na gumagana na. Ang karagdagang impormasyon sa gawaing isinasagawa ng bawat nasasakupan para suportahan ang ADS ay maa-access sa pamamagitan ng mga ugnay na website na nasa ibaba:

- NSW Government na [Mga Komunidad at Hustisya \(Communities and Justice\)](#)
- Victorian Government na [Plano sa May-Kapansanan ng Estado \(State Disability Plan\)](#)
- Queensland Government na [Plano sa May-Kapansanan \(Disability Plan\)](#)
- Western Australian Government na [Kagawaran ng Mga Komunidad \(Department of Communities\)](#)
- South Australian Government na [Inklusibo SA \(Inclusive SA\)](#)
- Tasmanian Government na [Kagawaran ng Primyer at Gabinete \(Department of Premier and Cabinet\)](#)
- ACT Government na [Mga Serbisyo sa Komunidad \(Community Services\)](#)
- Northern Territory Government na [Kagawaran ng Teritoryo sa Mga Pamilya, Pabahay at Komunidad \(Department of Territory Families, Housing and Communities\)](#).

Ang 537 na mga konseho ng Australya ay may ginagampanang mahalagang papel sa kanilang mga komunidad. Ang mga konseho ang pinakamalapit na lebel ng pamahalaan sa kanilang komunidad at naghahatid ng may 150 na mga serbisyo. Ang mga lokal na pamahalaan ay nagbubuo ng mga madiskarteng plano kasama ang mga komunidad upang magabayan ang mga pagpapaunlad sa hinaharap at masuportahan ang kanilang mga lokal na komunidad. Natutuwa ang Australian Local Government Association na makita ang pagdami ng mga bilang sa Mga Plano ng Pakikilahok at Pag-access ng May-Kapansanan (Disability Inclusion and Access Plans) na binubuo sa kabuuang Australya, at ang magiging epekto nito sa pagsasa-alang-alang sa mga pangangailangan ng mga taong may-kapansanan bilang bahagi ng pang-araw-araw na ginagawa ng mga konseho.

Patnubay sa Istratehiya ng May-Kapansanan sa Australya

[Ang Patnubay sa Istratehiya](#) ng May-Kapansanan sa Australya ay nagbibigay ng pangkalahatang ideya ng mahalagang trabahong ginagawa sa ilalim ng ADS at ipinakikita kung kailan magaganap ang mga ito. Sa panahon ng pagpapahayag, maraming mga kaganapan ng Patnubay ay nasa oras na para maihatid. Ang lahat ng mga kaganapan na naka-iskedyul sa ika-3 ng Disyembre 2021 hanggang ika-30 ng Hunyo 2023 ay nakumpleto na o nagpapatuloy pa at inihahatid na.

2021

- **Kumpleto:** Unang [Mga Itinakdang Plano ng Aksyon \(Targeted Action Plans\)](#) inilabas noong ika-3 ng Disyembre 2021
- **Kumpleto:** [Pagrerepaso ng May-Kapansanan 2021 \(Paggamit sa mga Lugar—Gusali\) Mga Pamantayan \(2021 Review of Disability \(Access to Premises – Buildings\) Standards\)](#) inilabas noong ika-21 ng Setyembre 2021
- **Kumpleto:** Ang [Konseho ng Pagpapayo ng ADS \(ADS Advisory Council\)](#) ay itinatag noong Disyembre 2021

2022

- **Kumpleto:** Unang [Pambansang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) na ginanap noong ika-2-3 ng Nobyembre 2022
- **Nagpapatuloy pa:** [Sarbey ng May-Kapansanan, Pagtanda at mga Tagapag-alaga 2022 \(2022 Survey of Disability, Ageing and Carers\)](#) kumpleto na ang trabahong-panlabas, at ilalabas ang resulta sa 2024
- **Nagpapatuloy pa:** [Pagrerepaso ng Mga Pamantayan para sa Maa-access na Pampublikong Transportasyon ng May-Kapansanan 2022 \(2022 Review of the Disability Standards for Accessible Public Transport\)](#) kumpleto na ang mga pagkonsultasyon, at ilalabas ang pahayag sa pagtatapos ng 2023

2023

- **Kumpleto:** Unang [Porum ng Estado sa ADS \(ADS State Forum\)](#) na ginanap sa Queensland noong ika-19 ng Hunyo 2023

Mga Lugar ng Resulta ng ADS

Ang 7 Mga Lugar ng Resulta ng ADS ay pinagsama-samang kumakatawan sa mga lugar na ang mga taong may-kapansanan ay nagsabi sa aming mahalaga ang mga ito sa kanila at kailangang mapahusay upang maabot ang isang inklusibong lipunang Australyano.

Ang Mga Lugar ng Resulta ay nagtatakda ng mga prayoridad para sa mga pamahalaan sa lahat ng mga lebel para makatrabaho ang komunidad, negosyo at mga taong may-kapansanan sa paghahatid ng mga kinakailangang pagbabago. Kabilang dito ang pagbibigay ng mga pagkakataon para sa pagka-empleyo, mataas na kalidad na komprehensibong edukasyon, pagpapahusay ng mga pag-uugali ng komunidad, at ginagawang ligtas, inklusibo at naa-access ang mga tahanan at komunidad.

Ang mga sumusunod na seksyon ay nagbibigay ng halimbawa ng mga tagumpay at progreso ng Pamahalaang Australya at ng mga pamahalaang estado at teritoryo, mula ika-3 ng Disyembre 2021 hanggang ika-30 ng Hunyo 2023.

Lugar ng Resulta: Kasiguraduhan sa Trabaho at Pananalapi

Resulta: Ang mga taong may-kapansanan ay mayroong seguridad sa pangkabuhayan na nagbibigay kakayahan sa kanila na magplano para sa hinaharap at makagawa ng pagpili at makontrol ang kanilang mga buhay.

Ang antas ng pagkawalang trabaho sa mga taong may-kapansanan ay mahigit na doble pa kumpara sa mga taong walang kapansanan na nasa-edad pa para magtrabaho. Ang antas ng pagkamay-trabaho ng mga taong may-kapansanan na nasa edad pa para magtrabaho ay nanatiling walang pagbabago nitong mga dekada.

Sa [Pambansang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) (Nobyembre 2022), ang mga mahahalagang paksa sa gitna ng mga taong may-kapansanan ay ang pangangailangang pag-aalis ng mga balakid sa lebel ng taga-empleyo at pagpapahusay ng transisyon mula sa edukasyon papunta sa pagka-empleyo ng mga kabataang may-kapansanan. Sa [Porum ng Estado sa ADS ng Queensland \(Queensland ADS State Forum\)](#) (Hunyo 2023), ang mga kalahok ay nagpaulit na nagsabi ng kaparehong mga ideya na tumutukoy sa pagka-empleyo. Ang Mga Organisasyon ng Kumakatawan sa May-Kapansanan (Disability Representative Organisations) ay nagsabi sa amin na higit na marami pang dapat gawin dahil sa nakikitang mabagal na progreso sa bagay na may kinalaman sa pagkaka-empleyo.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga aktibidad dito sa Lugar ng Resulta ay:

- [I-empleyo ang Aking Abilidad \(Employ My Ability\)](#), ang Istratehiya sa Pagka-empleyo ng May-Kapansanan, inilunsad noong Disyembre 2021.
- Ang [Istratehiya ng APS sa Pag-eempleyo ng May-Kapansanan 2020-25 \(APS Disability Employment Strategy 2020-25\)](#) ng Pamahalaang Australya
- Mga plano at istatehiya ng pamahalaang estado at teritoryo, na ang pakay ay maparami ang pag-eempleyo ng pampublikong sektor sa mga taong may-kapansanan.
- Mga bagong programa at eksperimentong pagsubok sa edukasyon, pagsasanay at pagka-empleyo, katulad ng programa na [Pagkonekta uli \(Reconnect\)](#) ng Victoria, Mga proyekto ng Prayoridad sa Pagsasanay ng Timog Australya (South Australia's Training Priority Projects) at mga inisyatiba ng Pagsasanay ng Timog Australya (Skilling South Australia) o ang [Pondo ng Mga Trabaho sa Negosyong Panlipunan \(Social Enterprise Jobs Fund\)](#) ng Queensland.

Lugar ng Resulta: Inklusibong mga Bahay at Komunidad

Resulta: Ang mga taong may-kapansanan ay nakatira sa inklusibo, naa-access at maayos-na-disenyong mga bahay at komunidad.

Pinahalagahan ng ADS ang pagkamakabuluhan ng pabahay, imprastruktura at inklusibong mga komunidad sa pagsusuporta ng mga taong may-kapansanan na makilahok sa kanilang mga komunidad. Sa praktikal na termino, itong Lugar ng Resulta ay naghihikayat ng mga aksyon na susuporta sa pakikilahok ng mga taong may-kapansanan sa kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng naa-access na pabahay, transportasyon, at mga sistema ng komunikasyon at binuong kapaligiran.

Nagpaabot ng mga pag-aalala ang mga taong may-kapansanan at Konseho ng Pagpapayo ng ADS (ADS Advisory Council) tungkol sa pabahay ng mga taong may-kapansanan. Ang Konseho ng Pagpapayo ay nagpayo na ang komunidad ng may-kapansanan ay nakakaranas ng mga malaking problema sa pabahay partikular ang tungkol sa kakayahan sa pag-upa o pagbili at pag-a-access.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga aktibidad sa Lugar ng Resulta ay:

- Suporta para sa 2022 VIRTUS Oceania Asia Games sa Brisbane.
- Maglalabas ng ispesyal na dinisenyong maa-access na palikuran at mga pasilidad sa pagpapalit sa pamamagitan ng mga Inisyatiba na [Pakikipagpalitan ng Mga Lugar \(Changing Places\)](#).
- Mga pagrerepaso sa Mga Pamantayan sa May-Kapansanan (Disability Standards) ng [Pangtransporte \(Transport\)](#) at [Mga Lugar \(Premises\)](#).
- Pagpapasulong sa mga karera ng mga artista o manggagawang may-kapansanan sa sining sa pamamagitan ng [Inisyatiba sa Sining at May-Kapansanan \(Arts and Disability Initiative\)](#) ng [Malikhaing Australya \(Creative Australia\)](#).

- Pagsusuporta sa mataas-na-kalidad, ligtas at matatag na Pang-ispesyal na Akomodasyon ng May-Kapansanan (Specialist Disability Accommodation), tulad ng nasa programa ng pagpapasigla sa pagpapatayo ng gusali sa Victoria.
- Mga inisyatiba na nagpapaunlad sa walang pagpaparaya sa diskriminasyon, pang-aapi at panliligalig, katulad ng [MAGKAPANTAY TAYO \(WE'RE EQUAL\)](#) ng Magkapantay sa Pagkakataon ng SA (Equal Opportunity SA).

Lugar ng Resulta: Kaligtasan, Mga Karapatan at Hustisya

Resulta: Ang mga karapatan ng mga taong may-kapansanan ay isinulong, ipinagtibay at ipinagtanggol at nadarama ng mga taong may-kapansanan ang kaligtasan at nagtatamasa ng pagkakapantay-pantay sa harapan ng batas.

Nakapangako kami sa paghahadlang na makaranas ang mga taong may-kapansanan ng pinsala sa pamamagitan ng maayos na pagkadisenyo at pinagsama-samang mga sistema ng serbisyo, pinahusay na mga suporta para sa mga nasa panganib ng pinsala, at nauugmang mga hakbang para sa aksyon kung sakaling naging mali ang takbo ng mga bagay. Itong Lugar ng Resulta ay suportado ng mga aktibidad ng [Itinakdang Plano ng Aksyon sa Kaligtasan \(Safety Targeted Action Plan\)](#).

Sa [Pambansang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) (Nobyembre 2022), kasama sa sesyon ng Kaligtasan, Mga Karapatan at Hustisya ang pokus sa mataas na mga antas ng karahasan sa dako ng mga babaing may-kapansanan. Sinabi rin ng mga kalahok sa Porum ang kanilang ipinag-aalala tungkol sa sobrang kinatawan para sa mga taong may-kapansanan sa sistema ng pangkriminal na hustisya. Nakapangako kami sa mas madaling pag-access sa mga patas na resulta ng hustisya at mga mas epektibong pagtugon sa sistemang pangkriminal na hustisya para sa mga taong may-kapansanan.

Kabilang sa mga halimbawa dito sa Lugar ng Resulta ang:

- Pinahusay na mga serbisyo upang mas madaling maa-access ang paglahok sa halalan.
- Sinusuportahan ang pagtatatag ng Pambansang Sentro ng Adbokasiya ng may-Kapansanan (National Centre for Disability Advocacy) at ang Tawag-pantulong ng Suporta sa Adbokasiya ng May-Kapansanan (Disability Advocacy Support Helpline).
- Mga pagbabago sa batas, kagaya ng mga reporma upang wakasan ang walang takdang panahon ng pagkadetensyon at pinahusay na pamamaraan ng pagiging parehas para sa mga taong may kapansanan sa isipan sa Western Australia o ang bagong batas na Pagsasali sa May-Kapansanan (Disability Inclusion) sa Tasmania.
- Trabaho para pahusayin ang pagbigay katarungan at pagiging kalahok ng mga taong may-kapansanan sa sistema ng hustisya katulad ng sa pamamagitan ng [Istratehiya sa Hustisya ng May-Kapansanan 2019-2029 \(Disability Justice Strategy 2019-2029\)](#) ng ACT at ang kanyang Unang Plano ng Aksyon (First Action Plan).
- Mga proyekto na nagpapatatag sa kapasidad ng sektor ng may-kapansanan upang makatugon sa karahasan sa tahanan at pamilya, katulad ng proyektong Pagpapatibay ng mga Suporta sa Karahasan sa Tahanan at Pamilya sa mga Taong May-kapansanan (Strengthening Domestic and Family Violence Supports for People with Disability) ng NSW.
- Mga pang-ispesyalistang suporta at serbisyo sa may-kapansanan na nasa mga kulungan, katulad ng sa pamamagitan ng Inisyatiba ng Suporta sa Kulungan ng May-kapansanan (Prison Disability Support Initiative) ng Victoria.

Lugar ng Resulta: Pampersonal at Pangkomunidad na Suporta

Resulta: Ang mga taong may-kapansanan ay mayroong pag-a-access sa hanay ng mga suporta upang matulungan silang mamuhay na nagsasarili at nakikisali sa kanilang komunidad.

Ang pagpapasimula ng NDIS ay nagbigay ng isang malaki at positibong pagkiling sa pagbibigay ng naka-indibidwal na mga suporta at pagpopondo sa mga taong may-kapansanan. Habang ang mga kahusayang idinulot ng NDIS sa maraming kalahok ay hindi maipagmamaliit ang kahalagahan, ito rin ay naging mahalagang punto ng pagpokus sa anumang diskusyon tungkol sa pampersonal at pangkomunidad na suporta.

Sa [Pambansang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) (Nobyembre 2022), nagsabi ang mga taong may-kapansanan na may mga kakailanganing pagpokus sa mga suportang pampersonal at pangkomunidad bilang mas malawak na kumplikadong ugnayan ng mga suporta at hindi lamang para sa mga kalahok ng NDIS. Sinabi sa amin ng Mga Organisasyong Kumakatawan sa May-kapansanan (Disability Representative Organisations) na kakailanganin ang pamumuno at koordinasyon sa pagitan ng 3 mga lebel ng pamahalaan upang masiguro ang pinuhunan ng pamahalaan sa mga suporta para sa may-kapansanan bukod sa NDIS.

Kabilang sa mga halimbawa ng aktibidad sa Lugar ng Resulta na ito ang:

- Paghahatid ng [PAMBANSANG PARAAN na PANSEGURO sa mga MAY-KAPANSANAN \(NDIS\)](#).
- Mga pangako upang masuportahan ang paggawa ng desisyon, katulad ng inamiyendahang [1991 na Batas ng Pangangalaga at Pangangasiwa sa Ari-arian \(Guardianship and Management of Property Act 1991\) \(ACT\) ng Pamahalaang ACT](#).
- Mga pinuhunan sa pagsawata at maagang pakikialam, katulad ng pamumuhunan ng pamahalaang NSW sa inisyatibang Mas Maliwanag na mga Pagsisimula (Brighter Beginnings).
- Mga suporta para sa mga taong may-kapansanan na hindi kwalipikado para sa NDIS o My Aged Care, katulad ng programang [Mga Koneksyon sa Komunidad \(Community Connections\)](#) ng South Australya.

Lugar ng Resulta: Edukasyon at Pagkakatuto

Resulta: Nakakamit ng mga taong may-kapansanan ang kanilang lubos na potensyal sa pamamagitan ng edukasyon at pagkakatuto

Ang edukasyon ay isang kritikal na bahagi na nakakaapekto sa maraming aspeto sa buhay ng isang tao. Sinusuportahan nito ang ating pagkakaroon ng trabaho at mga layunin sa pananalapi, sa pakikipagkaibigan, mga resulta ng kalusugan at mga interes sa libangan. Ang pagkakatuto ay hindi tumitigil sa trangkahan ng paaralan: ang panghabang-buhay na pagkakatuto ay nagbibigay sa atin ng mas higit pang mga pagkakataon para sa mas malalim na pakikitungo sa ating mga komunidad, pampersonal na katuparan at umaangkop sa ating nagbabagong mundo sa paligid. Itong Lugar ng Resulta ay suportado ng mga aktibidad ng [Itinakdang Plano ng Aksyon sa Kamusmusang Edad \(Early Childhood Targeted Action Plan\)](#).

Sa [Pambansang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) (Nobyembre 2022), tinalakay ng mga kalahok ang pangangailangan ng mga guro at paaralan na maging mas lalong suportado, tulad ng sa pamamagitan ng mga pagkakataon ng propesyonal na pagkakatuto o pagpagpapalaki ng kumpiyansa ng may-kapansanan sa kabuuang sektor. Idiniin ng mga Organisasyon ng Kumakatawan sa May-Kapansanan (Disability Representative Organisation) ang kahalagahan ng maa-access at inklusibong edukasyon, kabilang ang bokesyonal na pagsasanay at tersiyaryong edukasyon.

Kabilang sa mga halimbawa ng aktibidad dito sa Lugar ng Resulta ang:

- [Mga Mapagkukunan \(Resources\)](#) upang matulungan ang mga estudyante na may-kapansanan at ang kanilang mga pamilya na maunawaan at gamitin ang kanilang mga karapatan.
- Adbokasiya ng estudyante na inklusibo para sa mga estudyanteng may-kapansanan katulad ng Pangkat ng Tinig ng kabataan (Youth Voice Crew) ng Northern Territory. Mga programa sa edukasyon tungkol sa kaalaman sa pagkain (food literacy) at nutrisyon para sa mga taong may-kapansanan, tulad ng programang [Malusog na Pagkain Para sa Lahat ng Mga Abilidad \(Healthy Food for All Abilities\)](#) ng Western Australya.
- Mga pangako sa inklusibong edukasyon, katulad ng mga reporma sa [Pagkakasali ng May-Kapansanan \(Disability Inclusion\)](#) at [Istratehiya ng Edukasyon sa Autismo \(Autism Education Strategy\)](#), ng Victoria at [Istratehiya sa May-Kapansanan ng Kagawaran ng Edukasyon \(Department of Education's Disability Strategy\)](#) ng NSW.

Lugar ng Resulta: Kalusugan at Kagalingan

Resulta: Nakakamit ng mga taong may-kapansanan ang pinakamataas na posibleng resulta sa kalusugan at kagalingan sa kabuuan ng kanilang mga buhay

Ang nakakaranas ng magandang kalusugan ay isang mahalagang pangangailangan para sa isang magandang buhay. Kapag ang mga taong may-kapansanan ay nakakaranas ng balakid sa magandang kalusugan, nakakaranas din sila ng mga paghahamon sa buhay ng pakikilahok sa paaralan, trabaho at buhay-komunidad. Sa [Pambansang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) (Nobyembre 2022), pinagtalakayan ng mga taong may-kapansanan ang mga negatibong pag-uugali na ipinupukol sa mga taong may-kapansanan na nakapaglilimita sa pag-access ng pangangalaga sa kalusugan, diyagnosis at pagpapasya tungkol sa kanilang sariling paggagamot.

Ang komunidad ng may-kapansanan, pati na ang Konseho ng Pagpapayo ng ADS (ADS Advisory Council) ay nagpahayag ng mga pag-aalala tungkol sa mga suporta sa COVID-19 para sa mga taong may-kapansanan. Malimit na kinakaharap ng mga taong may-kapansanan ang maraming hindi pagkakapantay-pantay sa pag-access ng pangangalaga sa kalusugan at iba pang kinakailangang mga serbisyo, at ang pandemya ng COVID-19 ay lalong nagbigay pokus sa maraming pangyayari, na lalong nagpalalim nitong pagturing nang hindi pagkakapantay-pantay.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga aktibidad nitong Lugar ng Resulta ang:

- Pagpapahusay ng pangangalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng [Pambansang Pamamaraan para Paghusayin ang Kalusugan sa Isipan ng Mga Taong May-Kapansanan \(National Roadmap for Improving the Health of People with Intellectual Disability\)](#).
- Pagpapalakas sa kapasidad ng sektor, tulad nang Pamumuhunan sa Ating Kawan: Pambansang Programa sa Pwersang Manggagawa at Pagsasanay (Our Mob: National Workforce and Training Program).
- Mga plano atistratehiya ng estado para suportahan ang inklusibong pangangalaga sa kalusugan at mga planong pagresponde sa emerhensya, tulad ng Istratehiya sa May-Kapansanan ng ACT (ACT Disability Health Strategy), ang Plano sa Emerhensya ng Hilagang Teritoryo (Northern Territory Emergency Plan), at ang [2022-2024 na Planong Serbisyo sa May-Kapansanan ng Kagawaran ng Kalusugan \(Department of Health Disability Service Plan 2022-2024\)](#) ng Queensland.

- Mga proyekto ng pagiging handa sa emerhensya, tulad ng Proyekto ng Kahandaan sa Emerhensya ng Mga Taong May-Kapansanan (People with Disability Emergency Preparedness Project) ng Tasmania.

Lugar ng Resulta: Mga Inuugali ng Komunidad

Resulta: Ang mga inuugali ng komunidad ay sumusuporta sa pagkakapantay-pantay, ang pagiging napapabilang at pakikilahok sa lipunan para sa mga taong may-kapansanan

Ang mga inuugali ng komunidad patama sa mga taong may-kapansanan ang patuloy na isa sa pinakamalaki sa mga balakid para sa lubusang pagiging napapabilang at kalahok sa lipunang Australyano. Sa [Pambansang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) (Nobyembre 2022), ang mga inuugali ng komunidad ay pauli-ulit na tema ng usapan. Kabilang sa mga diskusyon ang kung paano nagiging balakid ang mantsa (stigma), kakayanan, ang mga negatibong pag-uugali at mga mababang inaasam ang gumaganap na mga balakid sa mga buhay ng mga taong may-kapansanan sa kabuuang maramihang mga aspeto ng buhay.

Ipinakita sa pahayag ng [Seeing Ourselves 2](#) (2023) ng Pinilakang Tabing Australya (Screen Australia) ang pananatiling mababang bilang ng representasyon sa puting-tabing ng may-kapansanan sa TV drama ng Australya. Natukoy ng mga kalahok sa porum na sa pamamagitan ng pagpaparami ng representasyon ng mga taong may-kapansanan sa media at pamumuno ang siyang susi sa pagpapabago sa mga inuugali ng komunidad at maghihikayat ng pagiging napapabilang.

Kabilang sa mga halimbawa ng aktibidad sa Lugar ng Resulta na ito ang:

- Mga pagsasapanahon ng [mga gabay sa pagkampanya \(campaign guidelines\)](#) upang suportahan ang lumalaking representasyon ng mga taong may-kapansanan sa mga kampanya ng pagpapatalastas ng Pamahalaang Australyano.
- Ang mga siklo at programa ng pinansyal na tulong-gobyerno (grant) na ipinokus sa [pagpapalakas sa kumpiyansa ng taga-empleyo \(building employer confidence\)](#) at pagsusuporta sa kakayanang pamumuno ng mga taong may-kapansanan.
- Mga kampanya ng media upang impluwensyahan, turuan at hamunin ang mga pagkategorya sa may-kapansanan, tulad ng [Ang Mga Buhay na ating Ginagawa \(The Lives We Lead\)](#) ng Western Australia at ang [Tingin mo sa akin sa Nakikita Mo \(See Me for Me\) ng South Australia.](#)
- Mga pampublikong porum, kabilang ang unang [Pambansang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) na ginanap noong ika 2-3 ng Nobyembre 2022, at ang unang [Pambansang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) na pinunong-abala ng Queensland noong ika-19 ng Hunyo 2023.

Pagpapatupad ng Istratehiya ng May-Kapansanan sa Australya

Nakapangako kami na regular na magpapahayag sa aktibidad at susukatin ang progreso na maging malinaw tungkol sa kung paanong ang mga resulta ay nagbabago para sa mga taong may-kapansanan.

Ang sumusunod ay magbibigay ng maikling buod ng aming mga ginagawa upang maipatupad ang ADS. Makukuha ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga aktibidad ng pagpapatupad sa buong Pahayag ng Pagpapatupad, [Pusod ng ADS sa Lagusang May-Kapansanan \(ADS Hub on Disability Gateway\)](#), at mula sa mga website ng [pamahalaang estado at teritoryo \(state and territory government\)](#).

Mga Ginaganap na papel at Tungkulin

Pinapahalagahan ng ADS na ang lahat ng mga lebel ng pamahalaan ay may ginaganap na papel sa pagkakamit ng mga layunin ng ADS, at tukuyin kung aling lebel ng pamahalaan ang may tungkulin sa mga serbisyo at suporta na sinasandalan ng mga taong may-kapansanan, sa dinami-dami ng mga serbisyo at sistema na ini-aasang pagtutulungang trabahuhin ng mga pamahalaan. Sa pamamagitan ng gagawin sa kabuuang pamahalaan, itinatapat namin ang pokus sa mga taong may-kapansanan, at sa ADS, tungo sa mga lugar na labas na sa mga ahensyang nakatutok sa mga may-kapansanan.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga akitibidad sa pagpapatupad na ito ang:

- Ang pagpopondo ng Pamahalaang Australya sa Ugnayan ng May-Kapansanan ng Naunang mga Taong Katutubo (First Peoples Disability network) upang magbuo at suportahan ang maagang pagpapatupad ng Plano ng Pagpapatibay sa Kontrolado ng Komunidad na Sektor ng May-kapansanan (Community Controlled Disability Sector Strengthening Plan) at para magbuo at ipatupad ang [Pambansang Epekto sa Kapaligiran ng May-Kapansanan \(National Disability Footprint\)](#).
- Pagtanim ng mga probisyon sa punong-daluyan ng mga serbisyo at sistema na makapag-access o maging kabilang, tulad ng pagpapahusay ng pagkakatutuhan sa ospital at mga pamamaraang pangangalaga para sa mga taong may-kapansanan.
- Mga reporma sa batas upang palakasin ang mga karapatan, proteksyon at pagbabantay sa kaligtasan ng mga taong may-kapansanan, tulad ng *2023 Batas ng Pag-amiyenda sa Patakaran ng Mga Serbisyo sa May-Kapansanan at Lipunan (Disability and Social Services Regulation Amendment Act 2023)* (Vic) ng Victoria, [Pagkakasali ng May-Kapansanan \(Repaso ng Mga Rekomendasyon\) Pag-amiyenda sa Panukalang Batas 2023 \[Disability Inclusion \(Review Recommendations\) Amendment Bill 2023\]](#) ng South Australya at pagtatatag ng isang Komisyonado ng May-Kapansanan (Disability Commissioner) sa Tasmania.

Mga Gumagabay na Prinsipyo

Upang makamit ang pananaw ng ADS, nakapangako ang mga pamahalaan sa pagbubuo at pagpapatupad ng mga patakaran, programa, serbisyo at sistema na magbibigay kunsiderasyon sa mga prinsipyo ng karapatang pantao ng Kumbensyon ng Nagkakaisang Mga Bansa (United Nations Convention) ukol sa Mga Karapatan ng Mga Taong May-Kapansanan. Nagkasundo ang mga pamahalaan na gamitin ang Mga Pampatnubay na Prinsipyo ng ADS (Guiding Principles of ADS)—na nagbibigay kunsiderasyon sa mga prinsipyo ng Kumbensyon ng mga Nagkakaisang Bansa —sa kanilang trabaho.

Kabilang sa mga halimbawa sa pagpapatupad ng Mga Pampatnubay na Prinsipyo (Guiding Principles) ang:

- Pagbubuo ng isang Gabay ng Pampatnubay na mga Prinsipyo (Guiding Principles) upang matulungan ang mga pamahalaan, negosyo at ang sektor na hindi pampamahalaan na gamitin ang Gabay ng Pampatnubay na mga Prinsipyo sa kanilang trabaho.
- Pagtatatag ng mga mekanismo upang i-sentro ang tinig ng mga taong may-kapansanan sa pagbubuo ng payo at patakaran ng pamahalaan.
- Pagmuni-muni sa Gabay ng Pampatnubay na mga Prinsipyo ng estado at ahensya sa mga planong pangmay-kapansanan, tulad ng sa [Inklusibong Victoria \(Inclusive Victoria\): plano sa may-kapansanan ng estado 2022-2026 \(state disability plan 2022-2026\)](#), o ang hindi tuwirang pagtanim ng Gabay ng Pampatnubay na mga Prinsipyo (Guiding

Principles) sa Mga Plano ng Access at Pakikisali ng May-Kapansanan (Disability Access and Inclusion Plans) ng ahensya ng pamahalaan sa South Australia.

Pakikipagtulungan sa Mga Taong May-Kapansanan

Nakapangako kami sa mga taong may-kapansanan na gumanap sa sentro at aktibong papel sa pagpapatupad ng ADS. Pinapalakas namin ang aming mga pagsisikap upang matiyak na ang mga pangangailangan ng mga taong may-kapansanan ay mapag-isipan. Naaabot namin ang aming pangako sa ADS sa mga taunang porum. Nagsasagawa rin ng mga aktibidad ng pakikipagtulungan ang mga estado at teritoryo bilang bahagi ng nasa kanilang nasasakupan na mga plano sa may-kapansanan.

Magtitiyak ang [Plano ng Pakikipag-ugnayan ng ADS \(ADS Engagement Plan\)](#) sa mga ipinahayag na pananaw, totohanang karanasan at patuloy na pagpapayo mula sa mga taong may-kapansanan na mapag-isipan sa pagbubuo ng mga patakaran at programa na makakaapekto sa kanila.

Nabuo ng Pamahalaang Australya ang [Mga Gabay sa Magandang Pagsasagawa ng Pakikipag-ugnay sa mga taong May-Kapansanan \(Good Practice Guidelines for Engaging with People with Disability\)](#). Itong gabay na ito ay makakatulong sa pamahalaan at di-pampamahalaang mga organisasyon na papapaghusayin ang kanilang mga aktibidad ng pakikipagtulungan upang mas mahusay na masuportahan ang pakikilahok at pagiging kabilang ng mga taong may-kapansanan.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga aktibidad ng pakikipagtulungan sa mga taong may-kapansanan ang:

- Ang unang [Pambasang Porum ng ADS \(ADS National Forum\)](#) sa Canberra, ACT, noong ika-2-3 ng Nobyembre 2022.
- Ang unang [Porum ng Estado ng ADS \(ADS State Forum\)](#) sa Brisbane, Queensland, noong ika-19 ng Hunyo 2023.
- Pagbubuo ng [Gabay Tungo sa Inklusibong Pagsasagawa \(Towards Inclusive Practice Guide\)](#), na sumusuporta sa mga pamahalaan na maging mas inklusibo kapag nakikipagtulungan sa mga taong may-kapansanan sa isipan.
- Kasamang-disenyo ang patakaran ng pamahalaan tungkol sa mga taong may-kapansanan, tulad ng Patakaran ng Suportadong Pagpapasiya ng NDIA (NDIA's Supported Decision-Making Policy).
- Mga komite o grupo na nagbibigay payo sa mga may-kapansanan na magpapayo sa pamahalaan, tulad ng Konseho ng Pagpapayo sa May-Kapansanan (Disability Advisory Council) ng Northern Territory o ang Pangsangguniang Grupo ng May-kapansanan (Disability Reference Group) ng ACT.
- Mga naa-access na komunikasyon at kaganapan na susuporta sa mga plano ng estado sa may-kapansanan, tulad ng pagpapasulong ng kanilang [Istratehiya sa May-kapansanan ng Estado \(State Disability Strategy\)](#) ng Western Australya o ang pagbubuo ng kanilang Istratehiya sa May-kapansanan (Disability Strategy) ng ACT.

Nananatiling nasa mataas na prayoridad ang pakikipagtulungan sa mga taong may-kapansanan, at pinahahalagahan namin ang pangangailangan na maging kasangkot at magkasamang-idisenyo ang mga patakaran at programa ng mga taong may-kapansanan. Sa ilalim ng [Plano ng Pakikipagtulungan ng ADS \(ADS Engagement Plan\)](#), mayroong pangakong ihatid ang hindi kukulangin sa isang pampublikong Porum o pagkonsultasyon bawat taon. Naaalinsunod sa [Pamamaraan ng ADS \(ADS Roadmap\)](#), ang mga pampublikong konsultasyon ay nakaplano para sa 2024, 2027 at 2030.

Itinakdang Mga Plano ng Aksyon

Ang isang bagong pakikiharap na ginawa sa ADS ay ang pagsasali ng nakapangakong [Itinakdamg Mga Plano ng Aksyon \(Targeted Action Plans\)](#) (TAPs) upang mas lalong mapadali ang pinahusay na mga resulta para sa lahat ng mga taong may-kapansanan. Binuo ang TAPs para magtulak ng masinsinang pagpokus doon sa mga isa-hanggang -tatlong taon para makamit ang mga partikular na dapat maihatid. Ang unang 5 TAPs na inilunsad sa ADS ay nakapokus sa pagpapahusay ng Pagkaka-empleyo, Mga Inuugali ng Komunidad, Maagang Kamusmusan, Kaligtasan, at Pangangasiwa ng Emerhensya.

Ang [unang taunang Ulat ng Taps \(first annual TAPs Report\)](#), para sa kapanahunang mula ika-3 ng Disyembre 2021 hanggang ika-30 ng Hunyo 2022, ay nailathala noong Nobyembre 2022. Ipinahayag dito ang mahigit 80% ng mga aksyon ay nakumpleto na o nasa tamang nilalandas. Ang pangalawang taunang Ulat ng TAPs, para sa kapanahunang ika-1 ng Hulyo 2022 hanggang ika-30 ng Hunyo 2023 ay ilalathala sa madaling panahon.

Ang TAPs ay nakapagbibigay ng mahalagang panggitnang punto ng pagpokus para ang mga pamahalaan ay magpasulong ng aksyon. Pinasalamatan namin ang balik-puna mula sa Konseho ng Pagpapayo ng ADS (ADS Advisory Council) at nang sektor ng may-kapansanan na nagdisenyo at nagpokus sa TAP na kailangang umunlad at ang mga TAP sa hinaharap ay kailangang magtukoy ng mga mas ambisyong aksyon upang magtulak ng pagbabago at gawin ito nang mas may istrategiya at naihananay sa kabuuang mga pamahalaan. Nagpasimula nang maagang pagkilos ang Pamahalaang Australya para makunsidera, na kaagapay ang mga pamahalaang estado at teritoryo, doon sa mga lugar na siyang magiging pokus ng susunod na TAPs. Ito ay gagabayan ng mga sasabihin (input) ng mga taong may-kapansanan. Pakay naming maisa-pinal ang susunod na TAPs para makapagsimula sa panahon ng 2024-2025.

Mga Kaugnay na Plano

Kinakailangan ang mga solidong aksyon upang maihatid ang Mga Lugar ng Resulta (Outcome Areas) ng ADS. Bilang karagdagan sa TAPs, ang ADS ay suportado rin ng Mga Kaugnay na Plano na may mas mahabang-panahong pokus sa mga mataas na lebel na prayoridad para sa mga partikular na kagrupo. Ang Pamahalaang Australya ay nagbubuo ng gabay upang matulungan ang mga ahensya ng gobyerno sa kanilang pagbubuo ng Mga Kaugnay na Plano.

Kabilang sa mga Kaugnay na Plano ng ADS ay:

- Ang [I-empleyo ang Aking Abilidad \(Employ My Ability\)](#), inilunsad noong ika-3 ng Disyembre 2021, ay ang 10-taon na pangako ng Pamahalaang Australya upang paghusayin ang mga resulta sa pagkakaroon ng trabaho para sa mga taong may-kapansanan.
- Ang [Balangkas ng Pambansang Adbokasiya ng May-Kapansanan 2023-2025 \(National Disability Advocacy Framework 2023-2025\)](#) at ang kaugnay nitong *Disability Advocacy Work Plan* na kumakatawan sa pagsisimula ng patuloy na paggawa ng mga pamahalaang Australyano, estado at teritoryo, upang paghusayin ang paghahanay ng mga serbisyo ng adbokasiya para sa mga may-kapansanan sa pamamagitan ng pangakong magkakasama-samang tatrabahuhin ang mga mahahalagang lugar.
- Ang [Pambansang Pamamaraan ng Pagpapahusay sa Kalusugan ng mga Taong May-Intellectual Disability](#), na pinangungunahan ng Pamahalaang Australya, na nagtatakda ng mga komprehensibong aksyon, at nagbabalangkas kung paano natin malilikha ang sistema sa kalusugan kung saan ang mga taong may-kapansanan sa isipan ay pinahalagahan, iginagalang at may pag-access sa mataas na kalidad, nasa tamang panahon at komprehensibong pangangalaga sa kalusugan.

Sa pamamagitan ng Pambansang Patakaran na Kultural ng Australya (Australia's National Cultural Policy), na *Muling magkamalay (Revive)*, ang Pamahalaang Australya ay nangako ng \$5 milyon upang pondohan ang mga aktibidad sa pagpapatupad para sa isang Kaugnay na Plano sa Sining at May-kapansanan (Arts and Disability Associated Plan) para masuportahan ang mga taong may-kapansanan na maka-access at makalahok sa pangkultura at pangmalikhaing buhay ng Australya. Ang Kaugnay na Plano sa Sining at May-kapansanan (Arts and Disability Associated Plan) ay binubuo sa kasalukuyan.

Balangkas ng Mga Resulta

Ang isa sa mga pinakamahalagang pagpapahusay na pinasimulan nang inilunsad ang ADS ay ang pagpapatupad ng Balangkas ng Mga Resulta. Ang Balangkas ng mga Resulta (Outcomes Framework) ay ang pagsusukat, pagsusubaybay, at pag-uulat sa mga naging resulta para sa mga taong may-kapansanan sa kabuuang Mga Lugar ng Resulta at mga Prayoridad na Patakaran (Outcome Areas and Policy Priorities) ng ADS.

Ang nagkakatugunan at naa-access na mga reporting webpage ng [Balangkas ng mga Resulta \(Outcomes Framework\)](#) ay inilunsad noong ika-14 ng Disyembre 2022. Kabilang sa pag-uulat ng Balangkas ng mga Resulta ay ang mga quarterly update, isang [gamit na pisara ng instrumento \(dashboard tool\)](#), at [mga taunang ulat \(annual reports\)](#). Ang unang taunang ulat ay inilathala noong ika-28 ng Pebrero 2023. Ang [Plano ng Pagpapahusay ng Mga Datos \(Data Improvement Plan\)](#) ay susuporta sa pangongolekta ng mga datos para sa mga panukalang-batas sa hinaharap.

Upang mapahusay ang impormasyon na makukuha sa mga inuugali ng komunidad, ang Pamahalaang Australyano ay nangako ng mga pagsa-sarbey na magaganap tuwing 3 taon upang masukat ang mga inuugali ng komunidad. Ang unang dating ng ADS Sarbey ay isinagawa noong 2022, na nangolekta ng mga datos sa may tinatayang 18,000 na mga tao. Ang nakolektang mga datos ay kinabibilangan ng mga tugon mula sa mga taong may-kapansanan pati na ang sa kalakhang populasyon ng Australya. Ang mga datos na nakolekta sa pamamagitan ng ADS Sarbey na — *Share with us* ay kinabibilangan ng bagong mga datos mula sa 7 Mga Inuugali ng Komunidad (Community Attitudes) na mga pagsusukat na iniulat sa unang pagkakataon noong ika-5 ng Oktubre 2023.

Bilang bahagi ng unang dating ng ADS Sarbey, ang ANU at Purple Orange ay nagsagawa ng isang Nested (qualitative) Study na nakapokus sa mga karanasan ng mga taong may-kapansanan sa isipan sa mga inuugali ng komunidad ukol sa edukasyon, kalusugan, hustisya at mga serbisyong panglegal, personal at suporta ng komunidad at mga sektor ng pagkaka-empleyo. Makukuha ang Nested Study Report sa [Pusod ng ADS sa Lagusang May-Kapansanan \(ADS Hub on Disability Gateway\)](#).

Pagpapahusay ng Mga Datos

Kami ay nakapangako sa pangongolekta at pakikibahagi ng may kaugnayang mga datos upang masuportahan ang epektibong pagsusubaybay at pag-uulat ng mga resulta para sa mga taong may-kapansanan upang maitulak ang pagbabago. Ang mga datos ang nasa sentro ng ating nakabatay-sa-ebidensya na diskarte sa pagpapatupad ng ADS.

Ang pagbubuo ng [Plano ng Pagpapahusay ng Mga Datos \(Data Improvement Plan\)](#) ng ADS ay para matiyak na ang mga datos na kinakailangan sa pagsusukat ng mga resulta para sa mga taong may-kapansanan ay nakolekta, naibahagi at unti-unting napapahusay sa kabuuang buhay ng ADS. Magtutukoy din ito kung saan mai-uugnay ang mga datos sa pagitan ng mga sistema upang mapahusay ang aming pagkaunawa sa epekto ng ADS.

Kabilang sa mga halimbawa ng mga aktibidad ng pagpapahusay ng mga datos ang:

- Nakapangako ang Pamahalaang Australyano ng total na \$68.3 milyon para sa pag-aanalisa, pananaliksik at paghahatid ng Pambansang Propyedad ng mga datos sa May-Kapansanan (National Disability Data Asset), na siyang magiging pinakakomprehensibong propyedad ng mga datos ng may-kapansanan (disability data asset) ng Australya.
- Ang mga pangunahing ahensya sa Pamahalaang Australya ay nakapangako na gagawa ng portfolio ng Mga Plano sa Pagpapahusay ng mga Datos (Data Improvement Plans) upang maitakda kung paano mapapahusay ang mga datos ng may-kapansanan sa kanilang mga portfolio.
- Nakumpleto ang pagsarbey sa komunidad ng Australian Bureau of Statistics na [2022 na Sarbey sa May-Kapansanan, Pagtanda at Mga Tagapag-alaga \(2022 Survey of Disability, Ageing and Carers\)](#) noong simula ng 2023, na ang mga resulta ay mailalabas sa kalagitnaan ng 2024.
- Ang suporta ng pamahalaang estado para sa pagbabahagi ng mga datos sa sektor ng adbokasiya ng may-kapansanan, tulad sa Western Australia.
- Pagbubuo ng estado sa mgaistratehiya sa mga datos ng may-kapansanan at pinahusay na mga mekanismo upang mapahusay ang paraan ng paggamit at pagbabahagi ng mga datos, tulad ng Istratehiya sa Mga Datos ng Pamahalaang NSW (NSW Government Data Strategy) o sa South Australia na paggamit ng mga pangsuikat sa Pagkakumplikado ng Pamilya (Family Complexity) sa pangongolekta ng mga datos.

Pagtatag ng May Basehang Ebidensya at Mga Pagtatasa

Ang pagpapatupad ng ADS ay nakabatay sa diskarteng may basehang ebidensya. Ibig sabihin nito na pagsasamahin namin ang ebidensya sa pananaliksik, kasama ang mga payo mula sa mga taong may-kapansanan sa aming pagpapasya at kung paano kami gagawa ng aksyon. Nagbibigay ang magandang ebidensya sa amin ng isang pundasyon kung saan at kung paano namin makakamit ang progreso.

[Ang Pambansang Pagsosyohan sa Pananaliksik ng May-Kapansnan \(National Disability Research Partnership\) \(NDRP\)](#) ay magiging may kinalaman sa pagbubuo ng pundasyon ng ebidensya. Ang agenda sa pananaliksik at mga praktikal na mga gabay ng NDRP para sa inklusibong pananaliksik ng may-kapansanan ay makakatulong sa pagtulak ng mga pagpapahusay para sa mga taong may-kapansanan. Mapapagaan nito ang isang nagtutulungan at inklusibong pananaliksik sa may-kapansanan na programa, at magpopondo sa pananaliksik na pinangungunahan at kasama ang mga taong may-kapansanan. Ang Pamahalaang Australya ay nagbigay ng \$15 milyon para suportahan ang pagtatatag at pagpapatakbo ng NDRP, magmula 2022-23 hanggang 2024-25. Ang NDRP ay inaasahang maging matatag at lubos na gumagana sa 2024.

Kabilang sa mga halimbawa ng aktibidad sa pagbubuo ng pundasyon ng ebidensya at pagtatasa ang:

- Isinangkot ng Ugnayan ng May-Kapansanan ng Naunang mga taong Katutubo (First Peoples Disability Network) ang isang independiyenteng kasangguni (consultant) upang masuportahan ang patuloy na pagsusubaybay (monitoring) at pagtatasa ng Pambansang Epekto sa Kapaligiran ng May-Kapansanan (National Disability Footprint).
- Mga pagtatasa ng mga patakaran at istrategiya ng estado, tulad ng pagtatasa nitong 2023 sa [Istratehiya ng I-empleyo ang Abilidad 2018-22 \(EmployAbility Strategy 2018-22\)](#) ng Northern Territory.
- Ang sarbey na Voice of Queenslanders with Disability isinagawa noong magsisimula ang 2023 na kasama ang ulat ng [Tinig ng mga Taqa-Queensland na May-Kapansanan \(Voice of Queenslanders with Disability\)](#) na inilathala noong ika-19 ng Hunyo 2023. Ang

sarbey at ulat ay sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Queensland at nang Queenslanders with Disability Network at Griffith University.

- Nakumpleto ang isang independiyenteng pagtatasa sa proseso at mga resulta ng [Lagusang May-Kapansanan \(Disability Gateway\)](#) noong Hunyo 2022.

Pamamahala

Ang matatag na mga kaayusan sa pamamahala ay mahalaga sa pagsusuporta ng epektibong pagpapatupad ng mga aktibidad sa kabuuang bansa na siyang magpapahusay ng mga resulta para sa mga taong may-kapansanan. Ang [2021-2031 na Istratehiya sa May-Kapansanan ng Australya \(Australia's Disability Strategy 2021-2031\)](#) (p. 45; 59-60) ay nagbabalangkas ng isang Modelo ng Pamamahala (Governance Model) na siyang gumagabay sa aming mga ginagawa at pananagutan.

Kabilang sa mga grupo na naglalaan sa pamamahala ng ADS ay:

- Ang [Pang-ministrong Konseho sa Reporma ng May-Kapansanan \(Disability Reform Ministerial Council\)](#) ay ang pagpupulong ng mga ministro ng Pamahalaang Australya at estado at teritoryo na may pananagutan sa patakaran ng pangmay-kapansanan para magtulak sa pambansang pagtutulongan at koordinasyon sa reporma ng patakaran ng may-kapansanan at pagpapatupad.
- Ang [Konseho ng Pagpapayo ng ADS \(ADS Advisory Council\)](#) ay nagbibigay ng independiyenteng pagpapayo sa mga pamahalaang Australyano at mga ministro ng may-kapansanan sa pagpapatupad ng ADS. Ang mga miyembro nito ay mula sa komunidad at sektor ng may-kapansanan.
- Ang Disability Representative Organisation ADS Implementation Forum ay binubuo ng isang hanay ng mga organisasyon na kumakatawan sa sektor ng may-kapansanan at mga taong may-kapansanan. Itong porum ay isang mahalagang punto ng pagkukunsultasyon para sa Pamahalaang Australya upang humanap ng pagpapayo at balik-puna sa mga aktibidad tungkol sa pagpapatupad ng ADS.

Ang ADS sa Online

Ang [Pusod ng ADS sa Lagusang May-Kapansanan \(ADS Hub on Disability Gateway\)](#) ay nag-aalok ng pang-isahang lugar para sa mga balita, mapagkukunan at mga ulat tungkol sa ADS. Inilunsad noong kalagitnaan ng 2021, nakapangako ang Pamahalaang Australya sa pagmementena at pagpapalago sa presensya ng ADS online. Ang kaibuturan ng impormasyon ay ibinibigay sa mga pormat na maa-access kabilang ang Easy Read at 14 na mga wika ng komunidad pati ang Auslan. Ang iba pang maa-access na pormat, tulad ng Braille, ay maibibigay sa pamamagitan kung may hiling at inumpisahan na ang trabaho para maisali ang mga wika ng Naunang mga Bansa (First Nations) sa hinaharap.

Nitong 2 taon mula nang inilunsad ang ADS Hub, kabilang sa mga bagong nilalaman ay:

- Mga pahayag tungkol sa Mga Plano sa Taunang Itinakdang Aksyon (Annual Targeted Action Plans).
- Impormasyon sa Mga Porum at Konsultasyon ng ADS (Information on ADS Forums and consultations).
- Mga detalye ng Konseho ng Pagpapayo ng ADS (ADS Advisory Council) at mga palabas-balita.
- Mga bagong mapagkukunan, tulad ng Plano ng Pagpapahusay ng mga Datos (Data Improvement Plan) at ang [Mga Gabay sa Magandang Pagsasagawa ng Pakikipag-ugnay sa mga Taong May-Kapansanan \(Good Practice Guidelines for Engaging with People with Disability\)](#).

- Mga ugnay sa Paaralan ng Kalusugan at Kagalingan ng Australya (Australian Institute of Health and Welfare) na [nagkakatugunang website ng Balangkas ng mga Resulta ng ADS \(ADS Outcomes Framework interactive website\)](#).

Nang dahil sa panay ang paglago ng ADS Hub, pinasisimulan na ang pagrerepaso at pagpapasariwa na maglalabas ng mga pagpapahusay mula sa katapusan ng 2023 hanggang sa kaagahan ng 2024.

